KBCF




# Bible Study

## Small Group Session

## Juan 12:42-50

MARCH 12-18, 2023

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Juan 12:42-50

Pagtugon

Pag-unawa

Pagtuklas

# Juan 12:42-50

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

42 Gayunman, marami ring pinuno ng mga Judio ang
naniwala sa kanya. Subalit hindi nila maipahayag ito dahil sa
takot sa mga Pariseo, na baka sila'y itiwalag sa sinagoga. 43
Mas ginusto nilang parangalan sila ng tao kaysa parangalan ng
Diyos.

# Juan 12:42-50

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Salita ni Jesus ang Hahatol

44 Malakas na sinabi ni Jesus, “Ang nananalig sa akin ay hindi
lamang sa akin nananalig, kundi pati sa nagsugo sa akin. 45 At ang
nakakita sa akin ay nakakita na rin sa nagsugo sa akin. 46 Ako'y
naparito bilang ilaw ng sanlibutan, upang ang manalig sa akin ay
huwag manatili sa kadiliman. 47 Hindi ako ang humahatol sa
taong dumirinig ng aking salita, ngunit ayaw namang sumunod
dito. Sapagkat hindi ako naparito upang hatulan ang sanlibutan,
kundi upang iligtas ito.

# Juan 12:42-50

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

48 May ibang hahatol sa mga ayaw tumanggap sa akin at sa aking
mga salita. Ang salitang ipinahayag ko ang hahatol sa kanila sa
huling araw. 49 Sapagkat hindi ako nagsalita nang mula sa sarili ko
lamang; ang Ama na nagsugo sa akin ang siyang nag-utos kung
ano ang aking sasabihin at ipahahayag. 50 At alam kong ang
kanyang utos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Kaya't
ang ipinapasabi ng Ama ang siya kong ipinapahayag."

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Ihahayag ko sa publiko ang pananampalataya ko kay Hesus at hahangarin kong pasayahin o malugod Siya higit sa lahat.

## Pagtuklas 1

Juan 12:42-50

Sa verse 42, sabi sa Bibliya na marami ang naniwala kay Hesus, may ilang pinuno/lider pa, ngunit hindi nila hinahayag ang pananampalataya nila. Bakit?

## Pagtuklas 2

Juan 12:42-50

# Paano inilarawan ni Hesus ang sarili Niya kaugnay sa Diyos Ama?

Pagtuklas 3

Juan 12:42-50

# Ano ang layunin ni Hesus sa pagpunta dito sa mundo?

**Pag-unawa**

Juan 12:42-50

# 1

Bakit sinabi ni Hesus ang tungkol sa relasyon Niya sa Ama sa mga taong takot na ihayag ang pananampalataya sa Kanya? Ano ang Kanyang punto o dahilan?



# Pag-unawa

Juan 12:42-50

# 2

Sa tinatalakay, idinidiin ni Hesus ang kahalagahan ng paniniwala sa Kanya (v.44), ng pagsunod sa Kanya (v.47), at pagtanggap sa Kanyang mga salita (v.48). Palagay mo ba'y posibleng magawa ang lahat ng mga iyon at maging Kristiyano nang hindi Siya kinikilala sa harap ng ibang tao, dahil sa potensyal na kasiraan?

## Pag-unawa

Juan 12:42-50

# 3

Noong panahon ni Hesus na inihayag sa tinatalakay, ang mga tao ay nag-iingat na hindi masiyahan ang mga Pariseo sa kabila ng lumalagong paniniwala kay Kristo. Sino ang kinakatatakutan ng mga tao o ang gustong malugod sa mundo ngayon na nagpapahirap sa tao na ihayag ang pananampalataya kay Kristo?

# Pagtugon 1

Juan 12:42-50

Nahayag mo na ba sa publiko ang pananampalataya mo at alam ba ng mga nasa paligid mo na Kristiyano ka? Kung hindi pa, ano ang pumipigil sa iyo?

## Pagtugon 2

Juan 12:42-50

**Ano ang pangunahing nagtutulak sa iyong mga aksyon sa araw-araw na buhay? Nakikita mo ba ang sarili mo na gustong...** a) pasayahin ang iba (“basta masaya sila, gagawin ko”)
b) pasayahin ang sarili mo (“basta nagpapasaya sa akin, gagawin ko!”) o
c) pasayahin ang Diyos (“kung ito ang gusto ng Diyos na gawin ko, gagawin ko”)

# Pagtugon

Juan 12:42-50

3

Paano mo palalakasin ang pangako mong susundin mo si Hesus at babantayan mo ang sarili mo mula sa pagpapasaya o pagkatakot sa tao kaysa sa Diyos? Anong mga verses ang naaalala mo na maaari mong memoryahin para madaling magamit?

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Ihahayag ko sa publiko ang pananampalataya ko kay Hesus at hahangarin kong pasayahin o malugod Siya higit sa lahat.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Juan 12:42-50

Pagtugon

Pag-unawa

Pagtuklas


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

KBCF




# Bible Study

## Small Group Session

**Juan 12:42-50**

SEE YOU NEXT WEEK!


KBCF
Kamuning Bible Christian Fellowship
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584